BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

# BAGONG LABAS

**PARA SA AGARANG PAGLABAS:** Oktubre 19, 2017
**KONTAKIN SI:** Ralph Borrmann - 415.749.4900

## Pinalawak ng Air District ang Programang Vehicle Buy Back

*Mga sasakyang 1996 o mas matanda ay karapat-dapat na ngayon para sa alok na $1000*

**SAN FRANCISCO** – Ngayon ipinahayag ng Bay Area Air Quality Management District na ang karapat-dapat na taon na modelo para sa pagsali sa Programang Vehicle Buy Back ay pinalawak sa 1996 na mga sasakyan o mas matanda. Dati tanging 1994 at mas matandang mga sasakyan ang tinatanggap.

Ang mga residente na may mga sasakyang nakarehistro sa isang address sa loob ng hurisdiksyon ng Air District’s nine-county na nakatugon sa lahat ng mga kinakailangan sa programa ay karapat-dapat na matanggap $1,000 para boluntaryong i-retire ang kanilang matanda – labis na naglalabas ng polusyong sasakyan.

“Ang nag-iisang pinakamalaking pinagkukunan ng polusyon sa hangin sa rehiyon ay mula sa mga sasakyan at maliliit na trak, "sabi ni Jack Broadbent, executive officer ng Air District. “Ang mas matatandang mga sasakyan, kahit na nakakapasa ito sa smog check, ay naglalabas ng mas maduming usok kaysa sa mga bagong makina at nag-aamabag ng dumi sa kalidad ng hangin sa aming mga kapitbahayan."”

Ang mga kinakailangan para sa karapat-dapat sa Vehicle Buy Back Program kabilang ang:

- Dapat ang sasakyan ay 1996 na modelo o mas matanda
- Ang sasakyan ay kailangang kasalukuyang nakarehistro bilang umaandar at maaaring imaneho
- Ang sasakyan ay nairehistro sa Bay Area sa nakalipas na 24 na buwan
- Ang mga sasakyan sa loob ng 60 araw ng kinakailangang smog check ay dapat sumailalim at pumasa sa smog check

Ang kumpletong listahan ng mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat sa programa ay available sa: www.baaqmd.gov/vbb. Ang dalawang inaprubahang auto dismantler ng programa, ay makakatulong din na madetermina ang pagiging karapat-dapat ng sasakyan.

Mula noong 1996, ang Air District ay nag-retire ng mahigit sa 78,000 mga sasakyan sa pamamagitan ng programa.  Ang mga sasakyan na inirehistro sa Bay Area ay maaaring dalhin sa alinmang 17 mga lokasyon ng programa sa pag-dismantle sa rehiyon na kasalukuyang pinapatakbo ng alinman sa Environmental Engineering Services o Pick-N-Pull.

| | | |
|---|---|---|
| **Taga-dismantle** | Environmental Engineering Services | Pick-N-Pull |
| **Numero ng Telepono** | 1-855-343-7314 | 1-800-727-2708 |

Ang mga pollutant sa hangin na nabawas nang Programa ng Vehicle Buy Back ay mga pinong bahagi at ozone, ang pangunahing sangkap ng smog. Ang mga pollutant na ito ay nakapag-aambag sa mga sakit sa baga at nagpapataas ng dami ng namamatay. Nababawasan din ng programang ito ang greenhouse gases, pangunahin ang carbon dioxide, ang pangunahing responsable sa climate change.

Ang Estado ng California ay nagpapatakbo rin ng kaugnay na programa para sa mga sasakyan na hindi pumasa sa smog check. Tumingin ng higit pang mga detalye sa:
https://www.bar.ca.gov/Consumer/Consumer_Assistance_Program/index.html

The Ang Bay Area Air Quality Management District ay ang pangrehiyong ahensya na responsable sa pagprotekta ng kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Kumonketa sa Air District sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

*Opisina ng Air District Communications*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*
*Air District Homepagee* | *Mga inilabas na Balita*